

# COVID-19
# Mga Katotohanan sa Bakuna



## ANG MGA BAKUNA AY NAGPOPROTEKTA LABAN SA PINAKAMASAMANG BUNGA NG COVID.

- Ang bakuna sa COVID-19 ay binabawasan ang iyong panganib ng labis na pagkakasakit mula sa COVID-19, mauwi sa pagkakahospital, o pagkamatay. Pinabababa rin nito ang iyong panganib sa pagkakaroon ng mahabang COVID (long-COVID).
- Ang mga bakunang ng COVID-19 na Pfizer, Moderna at Novavax ay **nabago na** para pumrotekta laban sa mas pinakabagong mga uri ng virus.
- Ang binagong bakuna ay makakapagpalakas ng dating proteksyon (mula sa dating pagpapabakuna o impeksyon) na maaaring bumaba habang tumatagal.





## ANG LAHAT NG 6 NA BUWANG GULANG PATAAS AY DAPAT KUMUHA NG BINAGONG BAKUNA SA COVID-19.



- **Ang lahat ng 5 taong gulang pataas** ay dapat kumuha ng isang dosis ng binagong bakuna sa COVID ngayong taglagas.
- **Ang mga batang 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang** ay dapat makipag-usap sa kanilang tagapangalaga (provider) tungkol sa kung ilang mga dosis ng bakuna ang kanilang kailangan. Ito ay magiging depende sa kung ilang mga dosis ang kanilang natanggap sa mga nakaraang mga taon.
- **Ang mga taong nakompromiso ang kanilang imyunidad (immunocompromised)** ay maaaring mangailangan ng karagdagang binagong mga dosis. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung anong iskedyul ang pinakamabuti para sa iyo.
- **Ang mga matatanda na may edad 65 pataas** ay dapat tumanggap ng karagdagang dosis ng binagong napapanahong bakuna sa COVID-19 ng hindi bababa sa 4 na buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis.
- Ang lahat ay dapat mabakunahan kahit na sila ay **buntis, nagpapasuso,** o nagkaroon na dati ng COVID-19.
- Ang mga taong edad 12+ na hindi nakayang tumanggap ng bakunang Pfizer o Moderna ay maaaring tumanggap ng binagong bakuna na Novavax ng hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis.
- Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang cdc.gov/coronavirus/vaccine.

# COVID-19
# Mga Katotohanan sa Bakuna

## SAAN MAKAKAKUHA NG BAKUNA



Kung mayroong kang seguro (insurance), makipag-ugnayan sa iyong tagapangalaga ng kalusugan (healthcare provider) para magpa-iskedyul ng tipanan (appointment) sa pagpapabakuna. Ang bakuna ay makukuha rin ng mga taong walang seguro sa maraming parmasyutiko at mga sentro ng komunidad sa kalusugan (community health centers). Paalala: ang mga wala pa sa tamang gulang (minors) ay kailangan ng pahintulot mula sa kanilang magulang o legal na tagapag-alaga para makapagpabakuna.

Para makahanap ng lokasyon sa inyong lugar: Bisitahin ang http://publichealth.lacounty.gov/vaccines o tawagan ang **1-833-540-0473** o **2-1-1**

Ang pagpapabakuna sa bahay ay magagamit at maaaring hilingin sa pagtawag sa **1-833-540-0473** o sa pagbisita sa VaccinateLACounty.com at pag-klik sa Mga Bakuna sa Bahay (In-Home Vaccines).

## ANG MGA MALULUBHANG EPEKTO AY NAPAKABIHIRA



- Ang pangkaraniwang mga epekto ay kinabibilangan ng pananakit, pamamaga at pamumula kung saan ibinigay ang bakuna, pananakit ng kalamnan o kasu-kasuan, namamagang mga kulani, lagnat, panginginig dahil sa ginaw, sakit ng ulo, at pakiramdam ng pagkapagod. Ang mga epekto sa mga bata ay kinabibilangan rin ng pag-iyak, pagiging maselan, pagka-antok, at kawalan ng gana kumain.
- Ang mga epekto ay palatandaan na ang sistema ng iyong imyunidad ay **bumubuo ng proteksyon**. Maaari nitong maapektuhan ang iyong kakayahan na gumawa ng ilang pang-araw-araw na aktibidad ngunit dapat na mawala rin sa loob ng isa o dalawang araw pagkatapos mabakunahan.
- Ang mga malulubhang epekto ay bibihira.





## ANG MGA BAKUNA SA COVID-19 AY LIGTAS AT EPEKTIBO

- Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng virus na nagsasanhi ng COVID-19.
- Ang mga bakuna ay sinubukan sa sampu-sampung libong tao, kabilang ang mga tao na iba-iba ang lahi, mga mas nakatatanda, at mga taong may mga medikal na kondisyon, at napag-alaman na **ligtas at epektibo .**
- Simula noong Disyembre 2020, **daan-daang milyong tao** ang ligtas nang nakatanggap ng bakuna sa COVID-19.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay patuloy na dumaraan sa **pinaka-masinsinang pagsusubaybay sa kaligtasan** sa kasaysayan ng Amerika (US).
- Walang ebidensya na ang pagbabakuna sa COVID-19 ay nagsasanhi ng mga problema sa pagkakaroon ng anak (fertility). Ligtas ang mga ito sa mga nagdadalang-tao at inirerekomenda ng mga eksperto sa pagdadalang-tao.